


Nagbabagong Mga Demograpiko ng San Francisco

Ang ating populasyon ng mga nasa hustong gulang na mas matanda ay dumarami nang malaki. Ang pamumuhunan sa komunidad na ito ay mahalaga para sa kinabukasan ng ating Lungsod at rehiyon.


Ang Nasa Hustong Gulang na Mas Matanda ay ang Grupo ng Edad na Pinakamabilis na Dumarami



Halos 30% ng mga residente ng San Francisco ay magiging nasa edad na 60 o mas matanda bago ang 2030¹

Kabilang Kami sa Pinaka-magkakaiba sa Bansa

Sa nakalipas na dalawang dekada, ang aming komunidad ng mga nasa hustong gulang na mas matanda ay nagbago at naging nakararaming populasyon ng mga imigrante.²



54% ang nagsasalita ng pangunahing wika maliban sa Ingles

12% ang kinikilala ang sarili bilang LGBTQ³

Mga Kinakaharap na Hamon

Karamihan ng mga nasa hustong gulang sa San Francisco na mas matanda ay namumuhay ng hindi nagbabago ang kita. Nahaharap sila sa mas mataas na mga gastos sa pabahay at mas malamang na mamuhay nang mag-isa kaysa sa iba pang komunidad ng lungsod sa buong California.

Ang pagtanda sa tahanan ay maaaring humantong sa mas magandang kalusugan at mas mahabang pagiging malaya, gayunpaman, ang halaga para sa pangangalaga sa tahanan ay nagiging hindi maabot para sa mga maaaring makinabang mula sa mga pansuportang serbisyo.



Kahirapan

14% ay lubhang mahirap, namumuhay ng mababa sa antas ng kahirapan ng pederal⁴



Limitadong Kita sa Pagreretiro

Ang karaniwang mga benepisyo sa Social Security ay \$15,214 bawat taon⁵



Mataas na Gastos sa Pabahay

Karaniwan: \$31,488 ang kailangan ng nag-iisang mas matandang nangungupahan para matugunan ang mga pangunahing pangangailangan



Tumataas na Mga Gastos sa Pangangalaga sa Bahay

Ang karaniwang halaga ng mga pansuportang serbisyo sa tahanan ng San Francisco ay \$32,880⁶



Kawalan ng Pakikipag-ugnayan sa Lipunan

Halos 30% ay namumuhay nang mag-isa⁸

Karaniwan: \$42,024 ang kailangan ng nag-iisang mas matandang nangungupahan para matugunan ang mga pangunahing pangangailangan⁷



San Francisco Human Services Agency
Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Matanda at Nasa Hustong Gulang (Department of Aging and Adult Services, DAAS)
Pinangangasiwaan ng DAAS ang mga serbisyo para sa mga nasa hustong gulang na mas matanda, mga beterano, mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan at ang kanilang mga pamilya para dagdagan ang kaligtasan, kalusugan at kalayaan.
www.sfhsa.org/daas

1. Pinagkunan: Mga Pagtantiya ng Populasyon mula sa Kagawaran ng Pananalapi ng California (2016)
2. Pinagkunan: IPUMS 1990 5% sample, 2000 5% sample, 2016 6 na taong mga pagtantiya
3. Pinagkunan: Jensen, D. (2012). LGBT Seniors in San Francisco: Current Estimates of Population Size, Service Needs and Service Utilization (Mga LGBT na Matanda sa San Francisco: Mga Kasalukuyang Pagtantiya ng Laki ng Populasyon, Mga Pangangailangan ng Serbisyo at Paggamit ng Serbisyo).
4. Pinagkunan: Survey sa Komunidad ng Amerika, 2016 5 Taong Mga Pagtantiya
5. Pinagkunan: Pangasiwaan ng Social Security ng Estados Unidos, Mga Benepisaryo ng programa para sa matanda, nauilla at insurance sa kapansanan (Old Age, Survivors and Disability Insurance, OASDI) ayon sa Estado at County, 2016
6. Pinagkunan: Batay sa karaniwang oras bawat buwan para sa mga kliyente ng Mga Pansuportang Serbisyo sa Tahanan (In-home Supportive Services, IHSS) at ang panggitnang pribadong bayad na \$28 para sa pangangalaga sa tahanan (Genworth, 2016)
7. Pinagkunan: Sentro ng UCLA para sa Pananaliksik tungkol sa Patakaran sa Kalusugan, Index ng Matanda, 2015
8. Mga Pinagkunan: Survey sa Komunidad ng Amerika 2016 5 Taong Mga Pagtantiya at Survey sa Komunidad ng Amerika (American Community Survey, ACS) 2013 5 Taong Mga Pagtantiya